Kailangan mo ng mga pangmatagalang serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip	Inpatient na pangangalaga para sa mga taong kailangan ang pangangalaga sa kalusugan ng pag-iisip	\$0 na copay	<p>Kasama sa mga saklaw na serbisyo ang mga serbisyong pangangalaga sa kalusugan ng pag-iisip na kailangan ng pamamalagi sa ospital.</p> <p>Kung kailangan mo ng mga serbisyo na inpatient sa isang nagsasariling ospital para sa may karamdaman sa isipan, kami ang magbabayad ng unang 190 araw. Pagkatapos noon, babayaran ng lokal na plano ng county sa kalusugang pangkaisipan ang mga serbisyo sa ospital para sa may karamdaman sa isipan na kinakailangan dala ng medikal na dahilan. Isasaayos ang pahintulot para sa pangangalaga na lampas sa 190 araw sa lokal na plano ng county sa kalusugang pangkaisipan.</p> <ul style="list-style-type: none"> Hindi naaangkop ang 190 araw na limitasyon sa mga serbisyo sa kalusugang pangkaisipan ng inpatient at ibinibigay ng isang pangkalahatang ospital sa isang yunit para sa may karamdaman sa isipan. <p>Kung ikaw ay 65 taong gulang o mas matanda pa, babayaran namin ang mga serbisyong natanggap sa isang Institusyon para sa mga May Karamdamang Pangkaisipan (Institute for Mental Diseases, IMD).</p>
Kailangan mo ng matibay na kagamitang medikal (Durable medical equipment, DME)	Mga wheelchair	\$0 na copay	Maaaring ilapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot. Maaaring ilapat ang mga kinakailangan sa referral.
	Mga nebulizer	\$0 na copay	Maaaring ilapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot. Maaaring ilapat ang mga kinakailangan sa referral.
	Mga saklay	\$0 na copay	Maaaring ilapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot. Maaaring ilapat ang mga kinakailangan sa referral.
	Mga walker	\$0 na copay	Maaaring ilapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot. Maaaring ilapat ang mga kinakailangan sa referral.
	Mga kagamitan at supply para sa oxygen	\$0 na copay	Maaaring ilapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot. Maaaring ilapat ang mga kinakailangan sa referral.
Kailangan mo ng tulong sa pamumuhay sa tahanan	Mga pagkaing dadalhin sa iyong tahanan	\$0 na copay	Makukuha lang ng mga benepisaryo ang serbisyong ito sa waiver ng Multipurpose Senior Services Programs (MSSP). Walang limit sa kung magkano ang babayaran ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan. Maaaring ilapat ang mga kinakailangan sa kuwalipikasyon ng estado. Maaaring ilapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot. Maaaring ilapat ang mga kinakailangan sa referral.



Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan ang Blue Shield Promise Cal MediConnect sa 1-855-905-3825 TTY (711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw kada linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa www.blueshieldca.com/promise/calmediconnect.

Pangangailangan o problema sa kalusugan	Mga serbisyong maaari mong kailanganin	Mga gastusin mo para sa mga in-network na provider	Impormasyon ng mga limitasyon, pagbubukod at benepisyo (mga panuntunan tungkol sa mga benepisyo)
<p>Kailangan mo ng tulong sa pamumuhay sa tahanan (<i>ipinagpapatuloy</i>)</p>	<p>Mga serbisyo sa tahanan, gaya ng paglilinis o housekeeping</p>	<p>\$0 na copay</p>	<p>Para sa mga karapat-dapat na miyembro ng In-Home Supportive Services (IHSS) at Multipurpose Senior Services Program (MSSP)</p> <p>Isasaayos namin ang mga serbisyong ibinibigay sa iyo para magawa mong manatili sa iyong tahanan nang ligtas. Ang mga uri ng IHSS na maaaring pahintulutan sa pamamagitan ng County Department of Social Services ay:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Paglilinis ng bahay • Paghahanda ng pagkain • Paglalaba • Pamimili ng groserya • Mga serbisyo sa pangangalaga sa sarili (tulad ng pangangalaga para sa pagdumi at pag-ihi, pagligo, pag-aayos sa sarili, at mga serbisyo ng paramediko) • Pagsama sa mga medikal na appointment • Pagsubaybay nang may proteksyon para sa may kapansanan sa isipan <p>Kung karapat-dapat at inaprubahan ng social worker ng County, maaari kang makakuha ng hanggang 283 oras ng IHSS kada buwan</p> <p>Ang mga uri ng mga serbisyo ng MSSP na kung saan maaaring kabilang ang:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Mga Serbisyo sa Pangangalaga sa Sarili • Mga Pag-angkop sa Pagiging Naa-access ng Kapaligiran (Environmental Accessibility Adaptations) • Tulong sa Pabahay/Maliit na pagkukumpuni ng Bahay. Atbp. • Mga Serbisyong Gawaing-bahay • Mga Serbisyo sa Pagkain • Pagsubaybay nang may Proteksyon <p>Maaaring ilapat ang mga kinakailangan sa kuwalipikasyon ng estado. Maaaring ilapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot. Maaaring ilapat ang mga kinakailangan sa referral.</p>



Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan ang Blue Shield Promise Cal MediConnect sa 1-855-905-3825 TTY (711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw kada linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa www.blueshieldca.com/promise/calmediconnect.

Pangangailangan o problema sa kalusugan	Mga serbisyong maaaring kailanganin	Mga gastusin mo para sa mga in-network na provider	Impormasyon ng mga limitasyon, pagbubukod at benepisyo (mga panuntunan tungkol sa mga benepisyo)
Kailangan mo ng tulong sa pamumuhay sa tahanan <i>(ipinagpapatuloy)</i>	Mga pagbabago sa iyong tahanan, gaya ng mga rampa at daanan ng wheelchair	\$0 na copay	Makukuha lang ang serbisyong ito ng: Mga benepisyaryo sa waiver ng Multipurpose Senior Services Program (MSSP). Walang limit sa kung magkano ang babayaran ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan. Maaaring ilapat ang mga kinakailangan sa kuwalipikasyon ng estado. Maaaring ilapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot. Maaaring ilapat ang mga kinakailangan sa referral.
	Mga serbisyo ng pangangalaga ng kalusugan sa tahanan	\$0 na copay	Maaaring ilapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot. Maaaring ilapat ang mga kinakailangan sa referral.
	Mga serbisyong tutulong sa iyo na mabuhay nang mag-isa	\$0 na copay	Makukuha lang ang serbisyong ito ng: <ul style="list-style-type: none"> • Mga benepisyaryo sa waiver ng Multipurpose Senior Services Programs (MSSP). May limitasyon sa kung gaano kalaki ang babayaran ng aming plano; • Mga benepisyaryo na kuwalipikado para sa In-Home Supportive Services (IHSS). Ang IHSS ay umaabot nang hanggang 283 oras kada buwan. • Mga benepisyaryo na kuwalipikado para sa Community Based Adult Services (CBAS). Maaaring ilapat ang mga kailangan sa karapat-dapat ng estado. Maaaring ilapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot. Maaaring ilapat ang mga kinakailangan sa referral.
	Mga serbisyo para sa nasa hustong gulang sa araw o iba pang suportang serbisyo	\$0 na copay	Makukuha lang ang serbisyong ito ng: <ul style="list-style-type: none"> • Mga benepisyaryo sa waiver ng Multipurpose Senior Services Program (MSSP). May limitasyon sa kung gaano kalaki ang babayaran ng aming plano; • Mga benepisyaryo na kuwalipikado para sa In-Home Supportive Services (IHSS). Ang IHSS ay umaabot nang hanggang 283 oras kada buwan. • Mga benepisyaryo na kuwalipikado para sa Community Based Adult Services (CBAS). Maaaring ilapat ang mga kinakailangan sa kuwalipikasyon ng estado. Maaaring ilapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot. Maaaring ilapat ang mga kinakailangan sa referral.



Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan ang Blue Shield Promise Cal MediConnect sa 1-855-905-3825 TTY (711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw kada linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa www.blueshieldca.com/promise/calmediconnect.

Pangangailangan o problema sa kalusugan	Mga serbisyong maaaring kailanganin	Mga gastusin mo para sa mga in-network na provider	Impormasyon ng mga limitasyon, pagbubukod at benepisyo (mga panuntunan tungkol sa mga benepisyo)
Kailangan mo ng matitirahan kung saan may mga taong mahihingan mo ng tulong	Tinutulungang pamumuhay o iba pang serbisyo sa tahanan	\$0 na copay	Tutulong ang plano sa pangangasiwa ng mga serbisyong inaalok sa pamamagitan ng iba pang organisasyon gaya ng Independent Living Centers o mga programa gaya ng Assisted Living Waiver Programs. Makipag-ugnayan sa Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan para sa mga detalye.
	Pangangalaga sa nursing home	\$0 na copay	Maaaring ilapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot. Nalalapat ang mga kinakailangan sa referral. Makipag-ugnayan sa Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan para sa mga detalye.
Kailangang lumiban ng iyong tagapag-alaga	Respite care	\$0 na copay	Maaaring ilapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot. Nalalapat ang mga kinakailangan sa referral. Makipag-ugnayan sa Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan para sa mga detalye.
Mga karagdagang saklaw na serbisyo	Taunang Pisikal na Pagsusuri	\$0 na copay	Saklaw ka para sa isang rutinang pisikal na pagsusuri kada 12 buwan bilang karagdagan sa iyong taunang pagbisita sa wellness. Kabilang sa pagbisitang ito ang komprehensibong pagsusuri ng kasaysayan ng iyong kalusugan at pamilya, detalyadong pagsusuri mula ulo hanggang paa at iba pang mga serbisyo, referral at rekomendasyon na maaaring naaangkop. Hindi saklaw ang anumang pamamaraan sa laboratoryo, pag-diagnose, o iba pang uri ng serbisyo na itinagubilin sa ilalim ng benepisyong ito at babayaran mo nang hiwalay ang halaga ng iyong hati sa gastos sa ilalim ng plano para sa bawat naturang serbisyo.



Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan ang Blue Shield Promise Cal MediConnect sa 1-855-905-3825 TTY (711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw kada linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa www.blueshieldca.com/promise/calmediconnect.

Pangangailangan o problema sa kalusugan	Mga serbisyong maaaring kailanganin	Mga gastusin mo para sa mga in-network na provider	Impormasyon ng mga limitasyon, pagbubukod at benepisyo (mga panuntunan tungkol sa mga benepisyo)
Mga karagdagang saklaw na serbisyo (ipinagpapatuloy)	Membership sa Health Club at mga Fitness Class	\$0 na copay	<p>Makakakuha ka ng access sa sumusunod: SilverSneakers® Fitness</p> <p>Pag-eehersisyo, edukasyon at mga panlipunang aktibidad na may access sa:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Libu-libong lokasyon ng fitness sa buong bansa na magagamit mo anumang oras. • Kagamitan sa ehersisyo at mga klase ng SilverSneakers. • Mga kaganapang panlipunan at aktibidad. • Mga klase ng SilverSneakers FLEXTM tulad ng yoga, sayaw na Latino, at tai chi. <p>Parang nasa klase ka, nang hindi umaalis ng bahay na may SilverSneakers Life.</p>
	Paghahatid ng pagkain sa bahay	\$0 na copay	<p>Sa paglabas ng mga indibidwal mula sa ospital na pang-inpatient o mga pasilidad ng may kasanayang pagkalinga, sinasaklaw namin ang:</p> <ul style="list-style-type: none"> • 22 pagkain at 10 meryenda kada paglabas • Limitado ang saklaw sa dalas na dalawang beses kada taon • Hahatiin ang mga pagkain at meryenda sa tatlong magkahiwalay na paghahatid kung kinakailangan
	Pandaigdigang Emergency/Agarang Pagsaklaw	\$0 na copay	<p>Saklaw na aabot sa \$25,000 bawat taon. Babayaran sa iyo ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan ang aabot sa \$25,000 na pang-emergency o agarang kinakailangang mga serbisyo na matatanggap saanman sa labas ng Estados Unidos bawat taon sa kalendaryo.</p>
	Mga Item na Over-the-Counter (OTC)	\$0 na copay	<p>Mayroon kang allowance na \$120 upang gamitin sa mga partikular na item na OTC isang beses kada 3 buwan (quarterly). Ang mga hindi nagamit na dolyar ay hindi maililipat sa susunod na quarter. Maaari nang gamitin ang una mong tatluhan-buwang allowance sa Enero 1, 2021.</p>
	Sistema ng Personal na Pagtugon sa Emergency (Personal Emergency Response System, PERS)	\$0 na copay	<p>Ang PERS ay isang sistema ng pagmamanman ng alertong medikal (medical alert monitoring system) na nagbibigay ng access upang makatulong nang 24/7, sa pamamagitan lamang ng pagpindot ng isang button.</p>



Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan ang Blue Shield Promise Cal MediConnect sa 1-855-905-3825 TTY (711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw kada linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa www.blueshieldca.com/promise/calmediconnect.

Pangangailangan o problema sa kalusugan	Mga serbisyong maaaring kailanganin	Mga gastusin mo para sa mga in-network na provider	Impormasyon ng mga limitasyon, pagbubukod at benepisyo (mga panuntunan tungkol sa mga benepisyo)
Mga karagdagang saklaw na serbisyo <i>(ipinagpapatuloy)</i>	Cream at mga Diaper para sa Kawalan ng Pagpigil sa Pag-ihi o Pagdumi	\$0 na copay	Maaaring ilapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot. Maaaring ilapat ang mga kinakailangan sa referral.
	Mga Serbisyong Pagpapalano ng Pamilya Pinahihintulutan ka ng batas na pumili ng kahit sinong provider para sa ilang serbisyo sa pagpapalano ng pamilya. Nangangahulugan ito na alinmang doktor, klinika, ospital, parmasya o opisina ng pagpapalano ng pamilya: Mga saklaw na serbisyo: <ul style="list-style-type: none"> • Eksaminasyon para sa pagpapalano ng pamilya at medikal na paggamot • Laboratoryo para sa pagpapalano ng pamilya at mga diyagnostikong pagsusuri • Mga paraan sa pagpapalano ng pamilya (IUD, mga implant, mga iniksyon, mga birth control pill, patch, o ring) • Mga supply para sa pagpapalano ng pamilya na may reseta (condom, sponge, foam, film, diaphragm, cap) • Pagpapayo at pagsusuri ng pagkabaog, at mga kaugnay na serbisyo • Pagpapayo, pagsusuri, at paggamot para sa mga impeksyong naipapasa sa pakikipagtalik (mga STI) • Pagpapayo at pagsusuri para sa HIV at AIDS, at iba pang mga kondisyong may kaugnayan sa HIV 	\$0 na copay	Maaaring ilapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot. Maaaring ilapat ang mga kinakailangan sa referral.



Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan ang Blue Shield Promise Cal MediConnect sa 1-855-905-3825 TTY (711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw kada linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa www.blueshieldca.com/promise/calmediconnect.

Pangangailangan o problema sa kalusugan	Mga serbisyong maaaring kailanganin	Mga gastusin mo para sa mga in-network na provider	Impormasyon ng mga limitasyon, pagbubukod at benepisyo (mga panuntunan tungkol sa mga benepisyo)
Mga karagdagang saklaw na serbisyo <i>(ipinagpapatuloy)</i>	<ul style="list-style-type: none"> • Permanenteng Kontrasepsyon (Dapat ay 21 taong gulang ka na o mas matanda pa upang piliin itong paraan ng pagpapalano ng pamilya. Dapat kang lumagda sa isang pederal na form ng pahintulot para sa isterilisasyon 30 araw o mas matagal pa, ngunit hindi mahigit sa 180 araw bago ang petsa ng operasyon.) • Pagpapayo kaugnay ng henetiko 		
	Pagpapayo upang Ihinto ang Paninigarilyo o Paggamit ng Tabako <ul style="list-style-type: none"> • 2 pagpapayo sa pagsubok na huminto sa loob ng 12-buwan. • Kung buntis ka, maaari kang makakuha ng walang limit na pagpapayo sa paghinto sa paninigarilyo. 	\$0 na copay	Maaaring ilapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot. Maaaring ilapat ang mga kinakailangan sa referral.
	Mga Programang Edukasyong Pangkalusugan at Wellness <ul style="list-style-type: none"> • Mga klase ng Edukasyong Pangkalusugan • Mga klase ng Edukasyong Pangnutrisyon 	\$0 na copay	Maaaring ilapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot. Maaaring ilapat ang mga kinakailangan sa referral.
	Pangangalaga ng Paa (Mga Serbisyong Podiatry) <ul style="list-style-type: none"> • Pag-diagnose at medikal o operasyon na paggamot ng mga pinsala at sakit ng paa (tulad ng hammer toe o mga heel spur). • Rutinang pangangalaga ng paa para sa mga miyembrong may mga kondisyon na nakakaapekto sa mga binti, tulad ng diabetes. 	\$0 na copay	Maaaring ilapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot. Maaaring ilapat ang mga kinakailangan sa referral.



Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan ang Blue Shield Promise Cal MediConnect sa 1-855-905-3825 TTY (711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw kada linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa www.blueshieldca.com/promise/calmediconnect.

Pangangailangan o problema sa kalusugan	Mga serbisyong maaaring kailanganin	Mga gastusin mo para sa mga in-network na provider	Impormasyon ng mga limitasyon, pagbubukod at benepisyo (mga panuntunan tungkol sa mga benepisyo)
<p>Mga karagdagang saklaw na serbisyo (<i>ipinagpapatuloy</i>)</p>	<p>Mga serbisyong Opsyon sa Plano ng Pangangalaga (CPO)</p>		<p>Los Angeles</p> <ul style="list-style-type: none"> Maaaring magamit ang mga serbisyong Opsyonal na Plano ng Pangangalaga (CPO) sa ilalim ng iyong Indibidwal na Plano ng Pangangalaga. Nagbibigay ang mga serbisyong ito ng mas maraming tulong sa tahanan, gaya ng mga pagkaing inihahatid sa tahanan, mga serbisyong pangangasiwa ng kaso, mga hawakan sa shower at rampa. Makatutulong ang mga serbisyong ito na mamuhay ka nang mas nagsasarili ngunit hindi nilalayan na palitan ang mga pangmatagalang serbisyo at suporta (LTSS) na awtorisado mong matanggap sa ilalim ng Medi-Cal. Kung kailangan mo ng tulong o nais mong malaman kung paano makatutulong sa iyo ang mga serbisyong CPO, makipag-ugnayan sa iyong care navigator. <p>San Diego</p> <ul style="list-style-type: none"> Maaaring magamit ang mga serbisyong Opsyonal na Plano ng Pangangalaga (CPO) sa ilalim ng iyong Indibidwal na Plano ng Pangangalaga. Binibigyan ka ng mga serbisyong ito ng mas maraming tulong sa tahanan, gaya ng mga pagkaing inihahatid sa tahanan, pangangasiwa ng kaso, mga serbisyong pangangalaga ng katawan at pansamantalang pangangalaga. Matutulungan ka ng mga serbisyong ito na mamuhay nang mas nagsasarili ngunit hindi pinapalitan ang mga pangmatagalang serbisyo at suporta (LTSS) na awtorisado mong makuha sa ilalim ng Medi-Cal. Kung kailangan mo ng tulong o nais mong malaman kung paano makatutulong sa iyo ang mga serbisyong CPO, makipag-ugnayan sa iyong care navigator.



Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan ang Blue Shield Promise Cal MediConnect sa 1-855-905-3825 TTY (711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw kada linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa www.blueshieldca.com/promise/calmediconnect.

Mga serbisyong saklaw sa labas ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan

Hindi kumpleto ang listahang ito. Tumawag sa Customer Care upang malaman ang iba pang serbisyong hindi saklaw ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan ngunit makukuha sa Medicare o Medi-Cal.

Iba pang serbisyo na saklaw ng Medicare o Medi-Cal Ilang serbisyo na pangangalaga ng hospisyo	Mga gastusin mo \$0
Mga serbisyo sa pangangasiwa bago ang paglipat at mga serbisyo pagkatapos ng paglipat ng California Community Transitions (CCT)	\$0
Ilang partikular na mga serbisyo sa ngipin, tulad ng mga X-ray, paglilinis, pagpasta, root canal, pagbunot, crown, at pustiso	Hindi ka sisingilin para sa mga serbisyong saklaw sa ilalim ng Medi-Cal Dental Program. Gayunpaman, may pananagutan ka para sa iyong bahagi sa halaga ng gastusin, kung naaangkop. May pananagutan kang bayaran ang mga serbisyong hindi saklaw ng iyong plan o ng Medi-Cal Dental Program.
<p>Mga Serbisyong Pagpapalano ng Pamilya Pinahihintulutan ka ng batas na pumili ng kahit sinong provider para sa ilang serbisyo sa pagpapalano ng pamilya. Nangangahulugan ito na alinmang doktor, klinika, ospital, parmasya o opisina ng pagpapalano ng pamilya:</p> <p>Mga saklaw na serbisyo:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Eksaminasyon para sa pagpapalano ng pamilya at medikal na paggamot • Laboratoryo para sa pagpapalano ng pamilya at mga diyagnostikong pagsusuri • Mga paraan sa pagpapalano ng pamilya (IUD, mga implant, mga iniksyon, mga birth control pill, patch, o ring) • Mga supply para sa pagpapalano ng pamilya na may reseta (condom, sponge, foam, film, diaphragm, cap) • Pagpapayo at pagsusuri ng pagkabaog, at mga kaugnay na serbisyo • Pagpapayo, pagsusuri, at paggamot para sa mga impeksyong naipapasa sa pakikipagtalik (mga STI) • Pagpapayo at pagsusuri para sa HIV at AIDS, at iba pang mga kondisyong may kaugnayan sa HIV • Permanenteng Kontrasepsyon (Dapat ay 21 taong gulang ka na o mas matanda pa upang piliin itong paraan ng pagpapalano ng pamilya. Dapat kang lumagda sa form ng pahintulot sa isterilisasyon ng pederal nang hindi bababa sa 30 araw, ngunit hindi lalampas sa 180 araw bago ang petsa ng operasyon.) • Pagpapayo kaugnay ng henetiko 	\$0 na copay Maaaring ilapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot. Maaaring ilapat ang mga kinakailangan sa referral.



Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan ang Blue Shield Promise Cal MediConnect sa 1-855-905-3825 TTY (711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw kada linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa www.blueshieldca.com/promise/calmediconnect.

Iba pang serbisyo na saklaw ng Medicare o Medi-Cal	Mga gastusin mo
Pagpapayo upang Ihinto ang Paninigarilyo o Paggamit ng Tabako <ul style="list-style-type: none"> • 2 pagpapayo sa pagsubok na huminto sa loob ng 12-buwan. • Kung buntis ka, maaari kang makakuha ng walang limit na pagpapayo sa paghinto sa paninigarilyo. 	\$0 na copay Maaaring ilapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot. Maaaring ilapat ang mga kinakailangan sa referral.
Mga Programang Edukasyong Pangkalusugan at Wellness <ul style="list-style-type: none"> • Mga klase ng Edukasyong Pangkalusugan • Mga klase ng Edukasyong Pangnutrisyon 	\$0 na copay Maaaring ilapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot. Maaaring ilapat ang mga kinakailangan sa referral.
Pangangalaga ng Paa (Mga Serbisyong Podiatry) <ul style="list-style-type: none"> • Pag-diagnose at medikal o operasyon na paggamot ng mga pinsala at sakit ng paa (tulad ng hammer toe o mga heel spur). • Rutinang pangangalaga ng paa para sa mga miyembrong may mga kondisyon na nakakaapekto sa mga binti, tulad ng diabetes. 	\$0 na copay Maaaring ilapat ang mga panuntunan sa pagpapahintulot. Maaaring ilapat ang mga kinakailangan sa referral.
Mga serbisyong Opsyon sa Plano ng Pangangalaga (CPO)	<p>Los Angeles</p> <ul style="list-style-type: none"> • Maaaring magamit ang mga serbisyong Opsyonal na Plano ng Pangangalaga (CPO) sa ilalim ng iyong Indibidwal na Plano ng Pangangalaga. Nagbibigay ang mga serbisyong ito ng mas maraming tulong sa tahanan, gaya ng mga pagkaing inihahatid sa tahanan, mga serbisyong pangangasiwa ng kaso, mga hawakan sa shower at rampa. Matutulungan ka ng mga serbisyong ito na mamuhay nang mas nagsasarili ngunit hindi pinapalitan ang mga pangmatagalang serbisyo at suporta (LTSS) na awtorisado mong makuha sa ilalim ng Medi-Cal. Kung kailangan mo ng tulong o nais na malaman kung paano ka matutulungan ng mga serbisyong CPO, makipag-ugnayan sa tagakoordina ng pangangalaga. <p>San Diego</p> <ul style="list-style-type: none"> • Maaaring magamit ang mga serbisyong Opsyonal na Plano ng Pangangalaga (CPO) sa ilalim ng iyong Indibidwal na Plano ng Pangangalaga. Nagbibigay ang mga serbisyong ito ng mas maraming tulong sa tahanan, gaya ng mga pagkaing inihahatid sa tahanan, mga serbisyong pangangasiwa ng kaso, mga serbisyong pangangalaga ng katawan at pamamahingang pangangalaga. Matutulungan ka ng mga serbisyong ito na mamuhay nang mas nagsasarili ngunit hindi pinapalitan ang mga pangmatagalang serbisyo at suporta (LTSS) na awtorisado mong makuha sa ilalim ng Medi-Cal. Kung kailangan mo ng tulong o nais na malaman kung paano ka matutulungan ng mga serbisyong CPO, makipag-ugnayan sa tagakoordina ng pangangalaga.



Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan ang Blue Shield Promise Cal MediConnect sa 1-855-905-3825 TTY (711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw kada linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa www.blueshieldca.com/promise/calmediconnect.

Mga serbisyo na hindi sinasaklaw ng Blue Shield Promise Cal Medi-Connect Plan, Medicare, at Medi-Cal

Hindi kumpleto ang listahang ito. Tawagan ang Customer Care para malaman ang tungkol sa iba pang hindi kasamang serbisyo.

Iba pang serbisyo na hindi saklaw ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan, Medicare, o Medi-Cal

Mga serbisyong itinuturing na hindi makatwiran at kailangan, alinsunod sa mga pamantayan ng Orihinal na Medicare, maliban kung ang mga serbisyong ito ay inilista ng aming plano bilang mga sakop na serbisyo.

Mga experimental na pamamaraang medikal at pag-opera, kagamitan at gamot, maliban kung saklaw ng Orihinal na Medicare o nasa ilalim ng pag-apruba ng Medicare.

Mga pinili o boluntaryong pamamaraan o serbisyo sa pagpapabuti (kasama ang pagbawas ng timbang, pagtubo ng buhok, sekswal na pagganap, pagganap ng atletiko, mga pang-kosmetikong layunin, pag-iwas sa pagtanda at pagganap ng isipan), maliban kapag kinakailangan dala ng medikal na dahilan.

Cosmetic surgery o mga procedure, maliban kung dahil sa isang pinasala dulot ng aksidente o para maayos ang isang pangit na bahagi ng katawan. Gayunpaman, lahat ng yugto ng reconstruction ay saklaw para sa suso pagkatapos ng mastectomy, gayundin para sa hindi apektadong suso para maging pantay.

Mga pamamaraan sa pagbaligtad ng isterilisasyon at supply na pampigil sa pagbubuntis na walang reseta.

Mga serbisyong medikal sa labas ng U.S. at mga teritoryo nito.

Pribadong kuwarto sa isang ospital, maliban kapag ito ay kinakailangan dala ng medikal na dahilan.

Mga personal na gamit sa iyong kuwarto sa isang ospital o isang bihasang nursing facility, tulad ng isang telepono o isang TV.

Mga serbisyong nakukuha mo mula sa mga provider sa labas ng plano, maliban sa pangangalaga para sa medikal na emergency at pangangalagang agarang kinakailangan, mga serbisyo para sa renal (kidney) dialysis na makukuha mo kapag pansamantala kang nasa labas ng lugar ng serbisyo.



Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan ang Blue Shield Promise Cal MediConnect sa 1-855-905-3825 TTY (711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw kada linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa www.blueshieldca.com/promise/calmediconnect.

Mga karapatan mo bilang isang miyembro ng plano

Bilang miyembro ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan, mayroon kang ilang partikular na karapatan. Magagawa mo ang mga karapatang ito nang hindi napaparusahan. Magagamit mo rin ang mga karapatang ito nang hindi nawawala ang iyong mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan. Ipapaalam namin sa iyo ang iyong mga karapatan nang hindi bababa sa isang beses sa isang taon. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan, pakibasa ang *Handbook ng Miyembro*. Kabilang sa iyong mga karapatan ang, ngunit hindi limitado sa, sumusunod:

- **May karapatan kang igalang, tratuhin nang patas at may dignidad.** Kabilang dito ang karapatang:
 - Makakuha ng mga saklaw na serbisyo nang hindi inaalala ang lahi, etniko, bansang pinagmulan, relihiyon, kasarian, edad, kapansanan sa pag-iisip o pisikal, oryentasyong seksuwal, impormasyong henetiko, kakayahang magbayad, o kakayahang magsalita ng Ingles
 - Makakuha ng impormasyon sa iba pang format (hal., malalaking letra, braille at/o audio)
 - Maging malaya sa anumang anyo ng pisikal na pagbabawal o pagbubukod
 - Hindi singilin ng mga network provider
 - Masagot ang iyong mga tanong at alalahanin nang kumpleto at magalang
- **Karapatan mong makakuha ng impormasyon tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan** Kabilang dito ang impormasyon tungkol sa paggamot at mga opsyon mo sa paggamot. Dapat nakasaad ang impormasyong ito sa format na nauunawaan mo. Kabilang sa mga karapatang ito ang pagkuha ng impormasyon tungkol sa:
 - Paglalarawan ng mga serbisyong saklaw namin
 - Paano makakuha ng mga serbisyo
 - Gaano ang gagastusin mo para sa mga serbisyo
 - Mga pangalan ng mga provider ng pangangalagang pangkalusugan at tagapamahala ng pangangalaga
- **Karapatan mong magpasya tungkol sa iyong pangangalaga, kabilang ang pagtangi sa paggamot.** Kabilang dito ang karapatang:
 - Pumili ng Provider ng Pangunahing Pangangalaga (PCP) at mapapalitan mo ang iyong PCP anumang oras sa buong taon
 - Magpatingin sa isang provider ng pangangalagang pangkalusugan para sa mga babae nang walang referral
 - Makuha ang iyong mga saklaw na serbisyo at gamot nang mabilis
 - Malaman ang lahat ng opsyon sa paggamot, anuman ang halaga nito o saklaw man ang mga ito
 - Tumanggi sa paggamot, kahit na iba ang ibinibilin ng doktor
 - Ihinto ang pag-inom ng gamot



Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan ang Blue Shield Promise Cal MediConnect sa 1-855-905-3825 TTY (711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw kada linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon,** bumisita sa www.blueshieldca.com/promise/calmediconnect.

- Humingi ng pangalawang opinyon. Babayaran ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan ang gastos sa iyong pagpapatingin para sa ikalawang opinyon.
- Gumawa at maglapat ng paunang direktiba, gaya ng testamento o health care proxy.
- **Karapatan mong makakuha ng pangangalaga nang naaayon sa oras nang walang nagiging anumang hadlang sa komunikasyon o pisikal na balakid.** Kabilang dito ang karapatang:
 - Makakuha ng napapanahong pangangalagang medikal
 - Maglabas-pasok sa opisina ng provider ng pangangalagang pangkalusugan. Nangangahulugan itong walang balakid para sa mga taong may kapansanan, alinsunod sa Americans with Disabilities Act
 - Magkaroon ng mga interpreter upang matulungan kang makipag-usap sa iyong mga doktor at sa iyong planong pangkalusugan. Tumawag sa 1-855-905-3825 (TTY: 711) 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw kada linggo kung kailangan mo ng tulong sa serbisyong ito
- **Karapatan mong humingi ng pang-emergency at agarang pangangalaga kapag kailangan mo ito.** Nangangahulugan ito na karapatan mong:
 - Makakuha ng mga serbisyong pang-emergency, 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo, nang walang paunang pag-apruba sa isang emergency
 - Magpatingin sa isang provider na wala sa network para sa agaran at pang-emergency na pangangalaga, kung kinakailangan
- **May karapatan ka sa pagiging kumpidensyal at pribado.** Kabilang dito ang karapatang:
 - Humingi ng kopya ng iyong mga medikal na record sa paraang mauunawaan mo at hilingin na baguhin o iwasto ang iyong mga record
 - Panatilihin pribado ang iyong impormasyon ng personal na kalusugan
- **Karapatan mong magreklamo tungkol sa iyong mga saklaw na serbisyo o pangangalaga.** Kabilang dito ang karapatang:
 - Magsampa ng reklamo o karaingan laban sa amin o aming mga provider sa California Department of Managed Health Care (DMHC). Ang DMHC ay may toll-free na numero ng telepono (**1-888-466-2219**) at linyang TTY (**1-877-688-9891**) para sa mga mahina ang pandinig at pagsasalita. Ang website ng DMHC's (<http://www.dmhc.ca.gov/>) ay may mga form ng reklamo, form ng aplikasyon para sa Hiwalay na Medikal na Pagsusuri (Independent Medical Review O IMR), at mga tagubilin online. May karapatan ka ring iapela ang ilang partikular na desisyong ginawa namin o ng aming mga provider.
 - Humiling ng Hiwalay na Medikal na Pagsusuri ng mga serbisyo ng Medi-Cal o item na may katangiang medikal mula sa California Department of Managed Health Care
 - Humiling ng patas na pagdinig ng estado mula sa Estado ng California
 - Humingi ng detalyadong dahilan kung bakit tinanggihan ang mga serbisyo

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan, maaari mong basahin ang Handbook ng Miyembro ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan. Kung mayroon kang mga tanong, maaari ka ring tumawag sa Customer Care ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan.



Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan ang Blue Shield Promise Cal MediConnect sa 1-855-905-3825 TTY (711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw kada linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon,** bumisita sa www.blueshieldca.com/promise/calmediconnect.

Paano magsampa ng reklamo o mag-apela sa tinanggihang serbisyo

Kung mayroon kang reklamo o sa palagay mo ay dapat saklawin ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan ang isang bagay na tinanggihan namin, tumawag sa Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan sa 1-855-905-3825 (TTY: 711) 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw kada linggo. Maaari kang umapela sa aming mga desisyon.

Para sa mga tanong tungkol sa mga reklamo at apela, maaari mong basahin ang Kabanata 9 ng Handbook ng Miyembro ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan. Maaari mo ring tawagan ang Customer Care ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan.

Tawagan ang Customer Care ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan:

Telepono: (855) 905-3825 [TTY: 711], 8 a.m. – 8 p.m., pitong araw sa isang linngo.

Mag-fax sa Blue Shield of California Promise Health Plan:

Fax: (323) 889-5049

Online: www.blueshieldca.com/promise

Sumulat sa Blue Shield of California Promise Health Plan sa address na ito:

Blue Shield of California Promise Health Plan
Member Appeals and Grievances (Complaints) Department
601 Potrero Grande Dr.
Monterey Park, CA 91755

Maaari kang humiling ng isang Hiwalay na Medikal na Pagsusuri (IMR) sa loob ng 6 buwan pagkatapos namin ipadala sa iyo ang kasulatan na pagpapasya. Maaari kang humiling ng isang Hiwalay na Medikal na Pagsusuri (IMR) mula sa Help Center ng California Department of Managed Health Care (DMHC). Makukuha ang isang IMR para sa anumang serbisyo o gamit na saklaw ng Medi-Cal na kailangan sa paggamot. Ang isang IMR ay isang pagsusuri sa iyong kaso ng mga doktor na hindi bahagi ng aming plan. Kung papanig sa iyo ang desisyon ng IMR, dapat naming ibigay sa iyo ang hiniling mong serbisyo o gamit. Wala kang babayaran para sa isang IMR.

Para humiling ng isang IMR:

- Sagutan ang Form ng Aplikasyon sa Reklamo/Hiwalay na Medikal na Pagsusuri (IMR) na makikita sa website ng Department of Managed Health Care (DMHC) o tumawag sa DMHC Help Center sa (888) 466-2219 (TDD: (877) 688-9891).
- Kung mayroon ka n ng mga ito, ilakip ang mga kopya ng mga sulat o ibang dokumento tungkol sa serbisyo o gamit na tinanggihan namin. Maaari nitong pabilisin ang proseso ng IMR. Ipadala ang mga kopya ng mga dokumento, hindi ang mga orihinal. Hindi maibabalik ng Help Center ang anumang mga dokumento.
- Sagutan ang Form ng Awtorisadong Katulong kung may taong tumutulong sa iyong pag-aapela sa IMR.
Maaari mong kuhanin ang form sa website ng DMHC o sa pamamagitan ng pagtawag sa DMHC Help Center sa (888) 466-2219 (TDD: (877) 688-9891).



Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan ang Blue Shield Promise Cal MediConnect sa 1-855-905-3825 TTY (711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw kada linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa www.blueshieldca.com/promise/calmediconnect.

- Ikoreo o i-fax ang iyong mga form at anumang kalakip sa:
Fax: (916) 255-5241
Help Center
Department of Managed Health Care
980 Ninth Street, Suite 500
Sacramento, CA 95814-2725

Maaari kang humiling ng isang Patas na Pagdinig ng Estado para sa mga saklaw na serbisyo at gamit ng Medi-Cal (kasama ang IHSS). Sa karamihang kaso dapat kang magsampa ng apela sa plano bago humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado. Kung hihiling ang iyong doktor o iba pang provider ng serbisyo o gamit na hindi namin aaprubahan, o kung hindi namin ipagpapatuloy ang pagbabayad para sa isang serbisyo o gamit na mayroon ka na, mayroon kang karapatan na humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado.

Kadalasan, mayroon kang 120 araw upang humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado pagkatapos ipadala sa iyo ang abiso na "Ang Iyong Mga Karapatan sa Pagdinig." Mayroon kang mas maikling panahon upang humiling ng isang pagdinig kung pinalitan o inalis ang iyong mga benepisyo.

Maaari kang humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado sa pamamagitan ng tawag sa telepono, fax, koreo, email o online:

Telepono: (800) 743-8525 (TDD: (800) 952-8349)

Fax: (833)281-0905

Email: SCOPEOFBENEFITS@DSS.CA.GOV

Online: www.cdss.ca.gov

California Department of Social Services
State Hearings Division
P.O. Box 944243, Mail Station 9-17-37
Sacramento, California 94244-2430



Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan ang Blue Shield Promise Cal MediConnect sa 1-855-905-3825 TTY (711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw kada linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa www.blueshieldca.com/promise/calmediconnect.

Anong dapat gawin kung naghihinala ka ng panloloko

Tapat ang halos lahat ng propesyonal at organisasyon ng pangangalagang pangkalusugan na nagbibigay ng mga serbisyo. Sa kasamaang-palad, maaaring may ilang hindi tapat.

Kung sa tingin mo ay may doktor, ospital, o iba pang botika na gumagawa ng mali, makipag-ugnayan sa amin.

- Tawagan kami sa Customer Care ng Blue Shield Promise Cal MediConnect Plan. Nakalagay ang mga numero ng telepono sa cover ng buod na ito.
- O kaya, tawagan ang Medicare sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Dapat tawagan ng mga gumagamit ng TTY ang 1-877-486-2048. Matatawagan mo nang libre ang mga numerong ito, 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo.
- O, tumawag sa California Department of Health Care Services Fraud & Abuse Hotline sa 1-800-822-6222.
- O, tumawag sa Department of Justice Office sa Attorney General Bureau of Medi-Cal Fraud & Elder Abuse sa 1-800-722-0432.



Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan ang Blue Shield Promise Cal MediConnect sa 1-855-905-3825 TTY (711), 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m., pitong araw kada linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa www.blueshieldca.com/promise/calmediconnect.



Blue Shield of California Promise Health Plan
601 Potrero Grande Dr., Monterey Park, CA 91755

blueshieldca.com/promise/calmediconnect